Ang Pinakamabuting mga Regalo Mula sa Diyos



Para sa karagdagang kaalaman, magtungo sa **https://1889hsda.org** o makipag-ugnayan kina:



# Ang Pinakamabuting Mga Regalo Mula sa Diyos

***1. Ang Kanyang personal na pag-ibig sa'yo***

Personal kang minamahal ng Diyos. Ipinapaalala ni Jesus, "Hindi baga ipinagbibili ng isang beles ang dalawang maya? At kahit isa sa kanila'y hindi mahuhulog sa lupa kung hindi pahintulot ng inyong Ama: Datapuwa't maging ang mga buhok ng inyong ulo ay pawang bilang na lahat. Huwag nga kayong mangatakot: kayo'y lalong mahalaga kay sa maraming maya" (Mateo 10:29-31). Naisip o naramdaman mo na ba na kinalimutan ka ng Diyos? Siya mismo ang nagsasabi na: "Malilimutan ba ng babae ang kaniyang batang pasusuhin; na siya'y hindi mahahabag sa anak ng kaniyang bahay-bata? Oo, ito'y makalilimot, nguni't hindi kita kalilimutan" (Isaias 49:15). "Oo, inibig kita ng walang hanggang pagibig: kaya't ako'y lumapit sa iyo na may kagandahang-loob" (Jeremias 31:3).

### *2. Ang regalo na katarungan*



Ang mapagmahal na Diyos ang Siya ring Kataas-taasang Hukom at ang Kanyang pag-ibig ang dahilan ng Kanyang pagiging makatarungan. Nararapat nating pahalagahan ang isang hukom na makatarungan, hindi namimili ng tao, hindi tumatanggap ng suhol, o nagpapabayad para magpawalang sala ng krimen, at may hustisyang pantay ang parusa para sa lahat.

Ang kasalanan ay ang pagsalangsang sa kautusan ng Diyos (1 Juan 3:4) at ang maliit na kasalanan sa buhay ay tulad ng pampaalsa na "nagpapakumbo sa buong limpak" (Galatia 5:9). Ang kasalanan ng pagiging makasarili sa isang maliit na bagay katulad ng paghablot ng laruan sa kalaro ay maaaring makita sa buhay sa hinaharap sa pandaraya sa negosyo o pulitika o pananakop ng mga bansa katulad ni Napoleon o ni Hitler. Samakatuwid, ang kasalanan, gaano man kaliit, ay hindi maaaring kaligtaan ng isang makatarungang Diyos. Gumawa ang Diyos ng daan para maalis sa atin ang pag-ibig sa kasalanan para hindi tayo magkasala, ngunit doon sa mga hindi tatalikod sa kanilang mga kasalanan, ang maka-Diyos na pag-ibig katulad sa maka-Diyos na katarungan ay nagpapahayag na "ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan" (Roma 6:23).


Kamatayan ang "kabayaran ng kasalanan" hindi ang walang hanggang pagpapahirap. May sinabi ang Diyos kung kailan lubos na mapupuksa ang masasama. "At inyong yayapakan ang masasama; sapagka't sila'y magiging abo sa ilalim ng mga talampakan ng inyong mga paa sa kaarawan na aking gawin, sabi ng Panginoon ng mga hukbo" (Malakias 4:3). Ang sinaunang siyudad ng Sodoma ay dumanas ng "parusang apoy na walang hanggan" (Judas 7) pero ito ay hindi nasusunog hanggang sa ngayon. Ang apoy ay walang hanggan dahil hindi ito mapapatay hanggang sa matupok lahat ng nagpapaningas. Ang resulta ang walang hanggan at walang katapusan hindi ang apoy. Gayundin sa lahat ng mga papatawan ng parusa sa dagat-dagatang apoy. Sa orihinal na mga wika ng Biblia, ang mga salitang "walang hanggan," "magpakailanman," "walang katapusan" at iba pang mga katulad na kataga ay hindi nangangahulugan na walang katapusan kundi nagpapahayag lang ng hindi nasusukat na panahong itatagal. Sinabi ni Hannah na kanyang dadalhin si Samuel sa Shiloh upang "tumahan doon magpakailan man" (1Samuel 1:22) pero hindi siya nanirahan doon sa buong panahon ng kanyang buhay. Sinabi din ni David na si Achish ay "magiging aking lingkod magpakailan man" (1 Samuel 27:12) na ang ibig sabihin ay habang buhay si David. Marami pang ibang mga katulad na pagkagamit nito sa Biblia kaya isa-isip mo ito sa susunod na makabasa ka o makarinig ng nagsasabi na ang paghatol o parusa sa mga hindi nagsisi sa dagat-dagatang apoy ay pang walang hanggan.



### *7. Ang kaloob na kapatawaran at ang pangakong buhay na walang kamatayan sa Kaniyang Anak*

Ipinahayag ng Diyos Ama ang sukdulan ng Kaniyang pag-ibig sa pagkakaloob Niya ng Kaniyang Anak kung saan sa pamamagitan Niya ay nagmumula ang lahat ng iba pang mga kaloob ng Diyos. Ito ang kaloob na higit sa lahat ng mga kaloob. Nahati ang puso ng Ama nang ang Kanyang pinakamamahal na Anak ay nagpresinta na maging isang tao (Job 4:17) na may kamatayan (Hebreo 2:9) upang Kaniyang mabawi ang nagkasalang lahi ni Adan. Hahayaan nalang ba Niya na ang tao ay mapahamak o papayagan Niya ang kaisa-isa Niyang Anak na magdusa at mamatay para iligtas ang makasalanan? Ito ay isang nakapanghihilakbot na pakikipagbaka, ngunit alam ng karamihan ang naging pasiya. "Sapagka't gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan na Kaniyang ibinigay ang Kaniyang bugtong na anak upang kung ang sinomang sa Kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan" (Juan. 3:16). Gaano man tayo kalugmok sa kasalanan ay siniguro Niya sa atin na, "Kung ipapahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal siya na tayo'y papatawarin sa ating mga kasalanan at lilinisin sa ating mga karumihan"(1 Juan 1:9).

Nais ng Diyos na ating ipahayag ang ating mga kasalanan at magpakumbaba ng ating mga puso sa Kaniyang harapan habang nagtitiwala tayo na Siya ay mahabaging Ama na hindi nagpapabaya sa mga nagtitiwala sa Kaniya. Hindi natin pinaparangalan ang Diyos kapag tayo ay hindi nagtitiwala sa kaniya. "Narito, ang kamay ng Panginoon ay hindi umiksi, na di makapagligtas; ni hindi man mahina ang kaniyang pakinig, na di makarinig" (Isa ias 59:1). "Nguni't ngayo'y ganito ang sabi ng Panginoon na lumalang sa iyo, Oh Jacob, at naganyo sa iyo, Oh Israel, Ikaw ay huwag matakot, sapagka't tinubos kita; tinawag kita sa iyong pangalan, ikaw ay akin" (Isaias 43:1).



Minamahal na bumabasa, ngayong nalaman mo na ang mga kahangahangang regalo sa iyo ng ating Ama sa langit, nais mo bang kilalanin ang Kanyang pag-ibig at tanggapin ang ating Manlalalang bilang iyong Diyos at ipagkaloob sa Kaniya ang iyong puso?

"Muling paririto Ako, at kayo'y tatanggapin ko sa Aking sarili; upang kung saan Ako naroroon, kayo naman ay dumoon" (Juan 14:3). Subalit nagbabala si Kristo sa atin tungkol sa mga huwad na kristo na "mangagpapakita ng mga dakilang tanda at mga kababalaghan; ano pa't ililigaw, kung maaari, pati ng mga hirang" (Mateo 24:24). Malinaw Niyang inihayag ang paraan ng Kanyang pagbabalik para hindi tayo madaya.

a. Ito ay malinaw na makikita: "Sapagka't gaya ng kidlat na kumikidlat sa silanganan, at nakikita hanggang sa kalunuran; gayon din naman ang pagparito ng Anak ng tao" (Mateo 24:27). "Narito, siya'y pumaparitong nasasa mga alapaap; at makikita siya ng bawa't mata, at ng nangagsiulos sa kaniya; at ang lahat ng mga angkan sa lupa ay magsisitaghoy dahil sa kaniya. Gayon din, Siya nawa" (Pahayag 1:7).

b. Magkakaroon ng mga tanda sa araw, buwan at mga bituin. (Tingnan ang Mateo 24:29-31.)

c. Siya ay magbubuhat sa langit na may kapangyariahn at dakilang kaluwalhatian. (Tingnan ang Lukas 21:26, 27.)

d. Ito ay maririnig ng lahat, ang patay ay babangon at pagkakalooban ng walang hanggang buhay sa oras na iyon. "Sapagka't ang Panginoon din ang bababang mula sa langit, na may isang sigaw, may tinig ng arkanghel, at may pakakak ng Dios: at ang nangamatay kay Cristo ay unang mangabubuhay na maguli; Kung magkagayon, tayong nangabubuhay, na nangatitira, ay aagawing kasama nila sa mga alapaap, upang salubungin ang Panginoon sa hangin: at sa ganito'y sasa Panginoon tayo magpakailan man" (1 Tesalonica 4:16-17). "Narito, sinasaysay ko sa inyo ang isang hiwaga: hindi tayong lahat ay mangatutulog, nguni't tayong lahat ay babaguhin, Sa isang sangdali, sa isang kisap-mata, sa huling pagtunog ng pakakak: sapagka't tutunog ang pakakak, at ang mga patay ay mangabubuhay na maguli na walang kasiraan, at tayo'y babaguhin. Sapagka't kinakailangan na itong may kasiraan ay magbihis ng walang kasiraan, at itong may kamatayan ay magbihis ng walang kamatayan" (1 Corinto15:51-53).

e. Ang mga buhay at mga binuhay na mga matuwid ay sasalubong kay Jesus sa alapaap. (Tingnan ang 1 Tesalonica 4:16-17 na binanggit sa itaas.)

### *6. Ang kaloob na Bibliya*



Ang isa pang regalo ng ating Ama sa langit ay ang Kaniyang komunikasyon sa atin na nagpapahayag ng paraan ng Kaniyang mga paggawa, ng Kaniyang katangian at ng paghahayag ng iba pa Niyang mga kaloob.



Hindi pahihintulutan ng pag-ibig at katarungan ng Diyos na Siya ay magparusa sa tao magpasawalang-hanggan para sa mga kasalanan ng isang maikling buhay dito sa sanlibutan. Ang kawalang kamatayan ay ipagkakaloob lamang sa nagsisisi "sa pamamagitan ng pagpapakita ng ating Tagapagligtas na si Cristo Jesus, na siyang nag-alis ng kamatayan, at nagdala sa liwanag ng buhay at ng walang pagkasira sa pamamagitan ng evangelio" (2 Timoteo 1:10) at ito ay ipagkakaloob sa ikalawang pagparito ni Kristo (1 Corinto 15:50-54). Hindi ito isang bagay na taglay na ng isang taong hindi nagsisisi na magiging dahilan upang manatili siyang buhay para batahin ang walang hanggang pagdurusa sa impierno.

### *3. Ang kalayaan ng pagpapasiya*



Marami ang nagtatanong, "Paano ko ba isusuko ang aking sarili sa Diyos?" Gusto mong ibigay ang iyong sarili sa Kanya pero nahihirapan kang magdesisyon. Ikaw ay nangangamba at napipigil ka ng iyong mga nakasanayan na sa isang buhay na nagkakasala. Ang iyong mga pangako at kapasiyahan ay parang mga lubid ng buhangin. Hindi mo kayang kontrolin ang iyong kaisipan, ang mga udyok at pakiramdam. Dahil alam mong maraming beses ka ng nangako at hindi tumupad ay wala ka ng kumpiyansa sa iyong katapatan at pakiramdam mo ay hindi ka na matatanggap ng Diyos ngunit hindi mo kailangan mawalan ng pag-asa. Ang kailangan mong maintindihan ay ang tunay ng kapangyarihan ng iyong pagpapasiya. Ito ang namamahala sa likas ng tao, ang kapangyarihan na magpasiya o pumili. Ang lahat ay nakadepende sa tamang pagpili ng ating kapasiyahan. Ibinigay ng Diyos sa tao ang kapangyarihan na pumili. Ito ay atin upang ating gamitin. Hindi mo mababago ang iyong puso. Sa iyong sariling lakas, hindi mo maibibigay sa Diyos ang mga naisin ng iyong puso pero pwede mong piliin na paglingkuran Siya. Pwede mong ibigay sa Kanya ang iyong kapasiyahan at Siya ay gagawa sa iyo maging sa pagnanasa at sa paggawa, ayon sa kaniyang mabuting kalooban (Filipos 2:13). Sa gayong paraan, ang iyong buong pagkatao ay mapapasailalim ng Espiritu ni Kristo; ang iyong mga naisin ay masesentro sa Kanya; ang iyong mga saloobin ay tutugma sa Kanya (*Steps to Christ*, p. 47.1).

### *4. Ang kaloob ng Kanyang oras*

***Sa Lumang Tipan.*** Ang mga mapagmahal na magulang ay hindi kailanman magbibigay ng mga regalo kapalit ng mga oras na dapat nilang gugulin sa kanilang mga anak. Bago pa man tayo nahiwalay sa Diyos dahil sa kasalanan at kinailangan natin ng isang Tagapagligtas, nagpahinga ang ating Ama sa Langit mula sa Kanyang paggawa, at inilaan Niya sa atin ang Kanyang oras. Lumikha siya ng isang buong araw sa bawat isang linggo para mag-ukol Siya ng oras sa atin. "At binasbasan ng Diyos ang ikapitong araw, at kanyang ipinangilin: sapagka't siyang ipinagpahinga ng Diyos sa madlang gawang kanyang ginawa" (Genesis 2: 3). Ang




pag-alaala sa kapangyarihan ng paglalang ng Diyos ay nagbibigay inspirasyon sa atin para ibigin, pasalamatan, at panampalatayahan ang Kanyang kapangyarihan na likhain tayong muli sa Kanyang wangis. Ano ang mangyayari sa pag-alaala ng kalayaan ng ating bansa kung ang bawat tao ay maaaring magpasya kung kailan ito ipagdiriwang? Hindi tayo hinayaan ng Diyos na pumili ng isang maginhawang oras para ipagdiwang ang alaala ng Kanyang paglalang. Tinukoy niya ang araw sa sanglinggo para ipangilin ng tao, ang ikapitong araw, na Sabado. (Tandaan: Ang mga alaala ng kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus ay tumutukoy sa mga ordinansa ng pagbibinyag at ng Hapunan ng Panginoon, hindi sa isang araw ng sanglinggo. Tingnan ang Roma 6: 3, 4; 1Corinto 11: 23–27.)

***Sa Bagong Tipan.*** Ang Diyos ang nagkaloob ng Araw ng Pagpapahinga (Sabbath), at samakatuwid, ay Siya lamang ang may awtoridad na baguhin o itigil ang pagsunod dito pero kahit Siya ay hindi makapagbabago sa araw sa kasaysayan kung kailan Siya nagpahinga mula sa paglalang ng sanlibutang ito. Ang anumang pagbabago sa ala-alang ito ay magbibigay ng isang bagong kahulugan, at tiyak na maisasaad sa Banal na Kasulatan, ngunit ang Banal na Kasulatan ay walang naitalang pagbabago. Pinatototohanan ni Jesus, "Huwag ninyong isiping ako'y naparito upang sirain ang kautusan, o ang mga propeta: ako'y naparito hindi upang sirain kundi upang ganapin [tuparin]. Sapagkat katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hanggang sa mangawala ang langit at ang lupa, isang tuldok o isang kudlit sa anomang paraan ay hindi mawawala sa kautusan, hanggang sa matupad ang lahat ng mga bagay "(Mateo 5:17, 18). Idinagdag ni Paul ang mga salitang ito, "Niwawalang kabuluhan ba natin ang kautusan sa pamamagitan ng pananampalataya? Huwag nawang mangyari: kundi, pinagtitibay pa nga natin ang kautusan "(Roma 3:31). Bakit nga ba ang ilang mga talata ay tila nagpapahiwatig na ang kautusan ay natapos na sa pamamagitan ng pagkamatay ni Kristo (hal., Colosas 2: 14–17)? Ang kanilang mga konteksto, kapag pinanalangin at maingat na isinasaalang-alang, ay malinaw na nagpapahiwatig na tumutukoy sa mga ordinansa na lumalarawan sa una at ikalawang pagparito ni Cristo, hindi sa mga kautusan ng Sampung Utos. Pinalipas na ng "bagong tipan" ang mga kautusan tungkol sa iba't ibang mga kapistahan, pag-aalay, at mga taunang pagpapahinga (taunang mga Sabbath), na nagsimula pagkatapos ng pagkakasala, at naglarawan sa plano ng pagtubos, ngunit hindi sa Sampung Utos o sa lingguhang Sabbath ng Paglalang.

Ang tipan ay isang kasunduan. Ang isang bagong kasunduan ay kinakailangan kapag ang una ay nasira. Ito ang nangyari sa tipan ng Diyos sa atin. Sinira natin ito at pinatawad tayo ng Diyos at muling ibinigay sa atin kasama ang pangako para matupad natin ito. "Narito, ang mga araw ay dumarating, sabi ng Panginoon, na ako'y makikipagtipan ng panibago sa sangbahayan ni Israel, at sa sangbahayan ni Juda: Hindi ayon sa tipan na ipinakikipagtipan ko sa kanilang mga magulang sa araw na aking kinuha sila sa lupain ng Egipto; na ang aking tipan ay kanilang sinira, bagaman ako'y asawa nila, sabi ng Panginoon. Kundi ito ang tipan na aking ipakikipagtipan sa sang bahayan ni Israel pagkatapos ng mga araw na yaon ,sabi ng Panginoon, Aking itatala ang aking kautusan sa kanilang kalooban, at aking isusulat sa kanilang puso; at ako'y magiging kanilang Dios, at sila'y magiging aking bayan…sapagkat aking ipatatawad ang kanilang kasamaan, at ang kanilang kasalanan ay hindi ko na alalahanin" (Jeremias 31:31-34). "Kaya't kung ang sinoman ay na kay Cristo, siya'y bagong nilalang: ang mga dating bagay ay nagsilipas na; narito, sila'y pawang naging mga bago" (2Corinto 5:17).

Napakagandang mga pangako! Paano Niya isinusulat ang Kanyang kautusan sa ating mga puso at isipan para tayo'y maging mga bagong nilalang? Sagot — Datapuwa't tayong lahat, na walang talukbong ang mukha na tumitinging gaya ng sa isang salamin sa kaluwalhatian ng Panginoon, ay nababago tayo sa gayon ding larawan mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian, na gaya ng mula sa Espiritu ng Panginoon (2 Corinto 3:18). Ang oras na ginugugol natin kasama ang Diyos (lalo na sa Araw ng Pahinga), para Siya'y "masdan" at magpahinga mula sa ating sariling mga gawa, ay nagbibigay daan sa Kanya para lumikha ng pagbabago sa atin, at ito ay ginawa Niyang isang tanda. "Bukod dito'y ibinigay ko rin naman sa kanila ang aking mga Sabbath, upang maging tanda sa akin at sa kanila, upang kanilang makilala na ako ang Panginoon na nagpapaging banal sa kanila." "At inyong ipangilin ang aking mga sabbath; at mga magiging tanda sa akin at sa inyo, upang inyong maalaman na ako ang Panginoon ninyong Dios" (Ezekiel 20:12, 20).

"Matakot ka sa Diyos, at sundin ang Kanyang mga utos: sapagkat ito ang buong katungkulan ng tao" (Ecc. 12:13). Ang Sampung Utos ay isang pagpapahayag ng dalawang ginintuang mga alituntunin na ito: ibigin mo ang Panginoon mong Diyos ng buong puso, at ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili. Hindi natin maaaring ibigin ang ating kapwa tulad ng ating sarili habang nilalabag natin ang huling anim ng mga utos (pagpatay, pagnanakaw, pagsisinungaling, atbp.). Ni hindi natin maiibig ang Diyos nang buong puso nang hindi sinusunod ang unang apat na utos, kasama ang pang-apat na nag-aatas sa atin na ihiwalay ang partikular na oras na hiniling Niya sa atin na gugulin natin sa Kanya.



***5. Ang pagbabalik ni Kristo at ang muling pagkabuhay ng mga mananampalataya***

Ang isa pang kahanga-hangang regalo na dapat nating tukuyin ay ang pangako ni Kristo na Siya ay personal na babalik.